

Fresno County Rural Transit

Paano Maghain ng Reklamo sa Titulo VI sa Fresno County Rural Transit Agency:

Sinumang tao na naniniwala na siya, o bilang miyembro ng anumang partikular na uri ng mga indibiduwal, ay sumailalim sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kasarian, seksuwal na oryentasyon, o pagkakakilanlang pangkasarian kaugnay ng mga programa, aktibidad, serbisyo, o iba pang benepisyong may kaugnayan sa transit ng Fresno County Rural Transit Agency, ay maaaring maghain ng nakasulat na Reklamo sa Fresno County Rural Transit Agency. Ang Reklamo ay maaaring ihain ng indibidwal o ng isang kinatawan. Ang isang Reklamo ay dapat ihain sa loob ng isang daan at walumpung (180) araw pagkatapos ng petsa ng umano'y diskriminasyon, ngunit hinihikayat ang mga nagreklamo na maghain ng mga reklamo sa lalong madaling panahon. Ang Fresno County Rural Transit Agency ay patuloy na iibestigahan agad ang lahat ng mga Reklamong isinampa sa ilalim ng Titulo VI, alinsunod sa Regulasyong ito.

Dapat kasama sa reklamo ang sumusunod na impormasyon:

1. Ang isang Reklamo ay dapat na nakasulat at pinirmahan at nilagyan ng petsa ng Nagreklamo o ng kanyang kinatawan bago maisagawa ang anumang aksyon.
2. Ang isang Reklamo ay dapat maglahad, nang buo hangga't maaari, ng mga katotohanan at pangyayari na nakapalibot sa umano'y diskriminasyon, kabilang ang pangalan at tirahan ng nagreklamo, ang petsa, oras at lokasyon ng insidente. Dapat kasama sa Reklamo ang isang paglalarawan ng programa, aktibidad o serbisyo kung saan naganap ang umano'y diskriminasyon.

Form ng Reklamo (sa susunod na pahina) upang maghain ng reklamo sa Titulo VI sa Fresno County Rural Transit Agency. Ang Form ng Reklamo ay patuloy na gagawin sa isang madaling ma-access na format, kapag hiniling. Maaaring makuha ang Form ng Reklamo sa:

1. Website ng Fresno County Rural Transit Agency www.ruraltransit.org
2. Sa pamamagitan ng pagtawag sa Fresno County Rural Transit Agency sa (559) 233-6789, maaaring ipadala ang form ng reklamo.
3. Sa pamamagitan ng pagkuha ng form ng reklamo sa 2035 Tulare Street, Suite 201, Fresno, CA 93721

Upang humiling ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga obligasyon sa walang diskriminasyon ng Fresno County Rural Transit Agency o upang mahain ng Form ng Reklamo sa Titulo VI, mangyaring isumite ang iyong kahilingan o reklamo nang nakasulat sa:

Fresno County Rural Transit Agency
Moses Stites, General Manager
2035 Tulare Street, Suite 201
Fresno, CA 93721
(Telepono) 559-233-6789 (Fax) 559-233-9645
(Email) mstites@fresnocog.org
(Website) www.ruraltransit.org

Maaaring direktang ihain ang mga reklamo sa Titulo VI ng Federal Transit Administration (FTA) sa:

Federal Transit Administration Office of Civil Rights
Title VI Program Coordinator
East Building, 5th Floor – TCR
1200 New Jersey Avenue, SE
Washington, DC 20590

Fresno County Rural Transit Agency
FORM NG REKLAMO SA DISKRIMINASYON SA TITULO VI

Pangalan ng Nagrereklamo: _____

Tirahan: _____

Lungsod/Estado/Zip: _____

Telepono: _____ E-Mail Address: _____

Petsa ng Paglabag: _____ Oras ng Paglabag: _____

Petsa ng Pagrereklamo: _____ Lugar ng Paglabag: _____

Numero ng Bus: _____ Ruta ng Bus: _____

Diskriminasyon dahil sa: Lahi Kulay Bansang Pinagmulan

Edad Kasarian Seksuwal na Oryentasyon Pagkakakilanlang Pangkasarian

Pakibigay ang (mga) pangalan ng mga empleyado ng Fresno County Rural Transit Agency na umano'y nagdiskrimina laban sa iyo, kasama ang kanilang mga titulo sa trabaho (kung alam).

Tukuyin kung aling serbisyo, programa, o aktibidad ng Fresno County Rural Transit Agency ang hindi sumunod sa Titulo VI ng Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964.

Tukuyin ang mga indibiduwal ayon sa pangalan, tirahan, at numero ng telepono na may impormasyon kaugnay ng paglabag.

Ipaliwanag nang malinaw hangga't maaari kung ano ang nangyari, kung paano mo nararamdaman na ikaw ay nadiskrimina, at kung sino ang sangkot. Pakisama kung paano naiiba ang pagtrato sa ibang mga indibiduwal kaysa sa iyo.

Lagda ng Nagrereklamo: _____ Petsa: _____